The EC Pharmacy Program

Emergency Contraception: Paraan ng Paggamit

- Inumim ang unang dose ng EC pills sa loob ng madaling panahon – sa loob ng 72 oras – pagkaraan ng unprotected na pagtatalik. Mas mainam kung iinumin kaagad ang EC pills.

- Inumin ang pangalawang dose ng EC pills pagkaraan ng 12 oras pagkatapos inumin ang unang dose.

- Kung nasurian o nabilinang uminom ng gamot para sa posibleng pagkahilo, inumin ang gamot isang oras pagkatapos ng unang dose ng emergency contraception (EC) pills.

- May mga uri ng EC na kung saan ang pagkahilo o pagduwal ay posible, ngunit hindi palagi. Kung ika'y dumuduwal ng mahigit sa dalawang oras pakaraan ng pag-inom ng pill, huwag mabahala. Ang gamot ay nasa loob na ng inyong katawan.

  Kung hindi dumuwal pagkaraan ng dalawang oras pagkatapos uminom, maaaring hindi effective ang EC. Tumawag sa pharmacist. Maaaring kailangang ulitin ang pag-inom.

- May ilang kababaihan na maaaring makaramdam ng pagod o pagkahilo, o di kaya'y sumasakit ang ulo o pagkamaga ng dibdib. Ang mga side effects na ito ay dapat maglaho sa loob ng isa o dalawang araw. Maaaring uminom ng pain relievers (gaya ng ibuprofen o acetaminophen) para sa sakit ng ulo o sa pagkamaga ng dibdib.

- Ang EC ay hindi 100% effective. Kung hindi dumating ang dalaw sa loob ng tatlong linggo pagkainom ng EC pills, baka ikaw ay buntis at nangangailangang magpasuri sa iyong health care provider o gumamit ng home pregnancy test.

- Ang EC pills ay hindi magagamit na pang-iwas sa pagbubuntis kung nasa kasalukuyan ng menstrual cycle Mahalagang gumamit ng mas mahusay na paraan ng contraception kung makikipagtalik muli.

- Tandaan, ang EC ay hindi kasintulad ng ibang paraan ng birth control, at hindi magagamit na pang-iwas sa mga sexually transmitted infections (STIs) or HIV. Bumisita sa iyong health care provider para sa regular na method ng birth control at STI testing and prevention. Kung walang regular na health care provider, makipag-ugnay o humingi ng tulong sa pharmacist para makahanap ng health care provider.

Binigyan ka ng _____ para sa emergency contraception.
You have been given for emergency contraception.

Uminom ng _____ pills sa lalong madaling panahon. (Unang inom)
Take pill(s) as soon as possible. (First dose)

Uminom ng _____ pills pagkaraan ng 12 oras. (Pangalawang inom)
Take pill(s) 12 hours later. (Second dose)

Binigyan ka ng/nabilinan na uminom ng _____ para maiwasan ang pagkahilo.
You have been given/advised to take to prevent nausea.

Uminom ng _____ pills 1 oras bago inumin ang unang dose ng EC.
Take pill(s) 1 hour before the first EC dose.

Uminom ng _____ pills 1 oras bago inumin ang pangalawang dose ng EC.
Take pill(s) 1 hour before the second EC dose.

Final August 22, 2002